Ang Public Guardian

Sino ang Public Guardian?

Ang Public Guardian ay isang independienteng opisyal sa batas na may tungkuling pangalagaan ang mga karapatan at interes ng mga nakatatandang hindi sapat ang kakayahan, mga bata at mga kabataang nasa ilalim ng sistema ng pangangalaga sa bata.

Sa dokumentong ito, pag-uusapan natin ang papel ng Public Guardian sa pangangalaga ng mga nakatatandang hindi sapat ang kakayahang magpasya.

Ano ang kakayahan sa pagpapasya?

Ayon sa batas kung ikaw ay 18 taong gulang o higit pa, ipinapalagay na may kakayahan ka kung kaya mong:

- maunawaan ang impormasyon na kailangan upang makapagpasya at may taglay na kamalayan sa maaaring mangyayari kung ginawa ang pasya
- malaya at boluntaryong gumawa ng pasya tungkol sa isang bagay
- magpahayag ng mga pasya sa ibang tao sa anumang paraan.

Minsan, ang isang taong lampas sa 18 ang edad ay maaaring walang kakayahang gumawa ng pasya dahil sa kapansanan, pinsala sa utak o iba pang kadahilanan.

Sa ganitong mga kaso, ang taong ito ay mangangailangan ng ibang gagawa ng pasya para sa kaniya. Kung ito ay desisyon tungkol sa isang bagay na personal, gaya ng kung saan siya nakatira, kung anong pangangalagang pangkalusugan ang kaniyang natatanggap, o mga serbisyong ginagamit niya, maaaring mangailangan siya ng isang guardian.

Ano ang nagagawa ng isang guardian?

Ang isang guardian ay maaaring isang pribadong tao gaya ng isang kapamilya o kaibigang itinalaga ng Hukumang Sibil at Administratibo ng Queensland (QCAT). Kung walang karapat-dapat, ang QCAT ay magtatalaga ng Public Guardian para maging kanyang guardian. Kung may pagpapasyang pinansyal na kailangang gawin, maaaring magtalaga ng isang administrador at kung walang iba pa, maaaring magtalaga ng isang Public Trustee.

Ang guardian ay magpapasya na para bang siya ang mismong tao. Isinasaalang-alang niya ang kulturang pinagmulan at paniniwala sa relihiyon ng taong ito, gayon din ang mga tao, lugar at mga bagay na mahalaga sa kaniya.

Pagsisiyasat sa mga bintang na pag-abuso, pagpapabaya at pagsasamantala

Ang Public Guardian ay tumutulong din sa pagresolba ng mga suliranin kung ang nakatatanda na hindi sapat ang kakayahan ay inaabuso, pinababayaan o sinasamantala. Aalamin ng Public Guardian kung ano ang nangyayari at saka tutulong sa pamamagitan ng pagtiyak kung mayroong inihandang mabuting pagpapasya.

Paano tayo magpaplano ngayon para sa paggawa ng pasya sa hinaharap?

Ang taong mahigit sa 18 taon ang gulang na may kakayahang gumawa ng pasya, ay maghahanda ng ilang ligal na dokumento para siguruhin na mabubuting mga pasya ang ginagawa para sa kanila sakaling mawala ang kanilang kakayahan sa hinaharap. Ang tawag sa mga dokumentong ito ay **Enduring Power of Attorney** at **Advance Health Directive**.

Interpreter

Makipag-ugnayan sa amin para sa karagdagang impormasyon

Tanggapan ng Public Guardian

Ph: 3234 0870

Email: Adult@publicguardian.qld.gov.au

Web: www.publicguardian.qld.gov.au

Kung nais mong makipag-ugnayan sa amin at mapaliwanagan tungkol sa bagay na ito sa iyong wika, mangyaring tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS) sa 13 14 50 at hilingan silang kontakin ang Public Guardian.